**Dapat mai-postmark o maisumite online <u>hanggang bago</u> Enero 22, 2024**

KASUNDUAN NG EQUIFAX DATA BREACH
C/O JND LEGAL ADMINISTRATION
P.O. BOX 91318
SEATTLE, WA 98111-9418
WWW.EQUIFAXBREACHSETTLEMENT.COM

**EFX**

# Equifax Data Breach
# Form ng Kahilingan para sa Pinahabang Panahon ng Mga Claim

## MGA BENEPISYO NG KASUNDUAN – ANO ANG MAAARI NINYONG MAKUHA

Kung kayo ay isang consumer sa U.S. na may naapektuhang personal na impormasyon dahil sa Equifax data breach, na inanunsyo noong Setyembre 7, 2017, at nakakaranas ng isyu tungkol sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan o panloloko dahil sa breach, maaari kayong humiling ng balik-bayad para sa valid na Pagkaubos ng Sariling Pera o Nagugol na Oras (<u>hindi kabilang ang pagkaubos ng pera at oras na nauugnay sa pag-freeze o pag-unfreeze sa mga ulat ng credit o pagbili ng pansubaybay sa credit o proteksyon laban sa pagnanakaw sa pagkakakilanlan</u>) na natamo sa panahon ng Pinahabang Panahon ng Mga Claim kung hindi pa kayo nakakatanggap ng balik-bayad para sa hinihiling na kawalan sa pamamagitan ng ibang paraan.

Para maging karapat-dapat, dapat magawa ang inyong kahilingan para sa Pagkaubos ng Sariling Pera o Nagugol na Oras **sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024** (ang "Pinahabang Panahon ng Mga Claim").

**Ang pinakamadaling paraan ng pagsusumite ng kahilingan ay sa pamamagitan ng online sa www.EquifaxBreachSettlement.com** o maaari ninyong kumpletuhin at ipadala sa koreo ang form ng kahilingan na ito sa mailing address sa itaas.

**<u>Maaari kayong magsumite ng kahilingan para sa isa o higit pa sa mga benepisyong ito</u>**:

**Balik-bayad na Cash.** Gamitin ang form ng kahilingan na ito upang humiling ng kabayaran para sa isa o higit pa sa mga sumusunod:

1. **Balik-bayad para sa Ginugol na Oras.** Kung gumugol kayo ng oras upang makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan dahil sa Equifax data breach, **sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024**, maaari kayong makakuha ng hanggang $25 bawat oras para sa kabuuang hanggang 10 oras, o hanggang 20 oras kung magbibigay kayo ng mga pansuportang dokumento.

2. **Balik-bayad para sa Perang Nagastos Ninyo.** Kung gumastos kayo upang makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan dahil sa Equifax data breach, **sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024**, maaari kayong humiling ng balik-bayad na hanggang $20,000. **<u>Kailangang magsumite kayo ng mga dokumentong sumusuporta sa inyong kahilingan</u>**.

Walang kinakailangang kahilingan para sa **mga serbisyo sa pagpapanumbalik ng pagkakakilanlan.** Maaaring ma-access ng mga consumer sa U.S. na naapektuhan ng Equifax data breach ang mga serbisyo sa pagpapanumbalik ng pagkakakilanlan sa loob ng hindi bababa sa 7 taon sa sandaling magkabisa Kasunduan. Makikita ang higit pang impormasyon sa www.EquifaxBreachSettlement.com.

* * *

**Dapat isumite online o i-postmark sa pamamagitan ng koreo ang mga kahilingan hanggang bago Enero 22, 2024. Gamitin ang address sa itaas ng form na ito para sa mga kahilingang ipapadala sa koreo.**

*Pakitandaan na maaaring makipag-ugnayan sa inyo ang Administrador ng Kasunduan upang humingi ng mga karagdagang dokumento para maproseso ang inyong kahilingan.*

***Maaaring bumaba ang inyong cash na benepisyo para sa Pagkaubos ng Sariling Pera o Ginugol na Oras ayon sa bilang at halaga ng mga inihaing kahilingan at babayaran ang mga ito sa batayang first-come-first-served.***

Para sa higit pang impormasyon at kumpletong tagubilin, bisitahin ang **www.EquifaxBreachSettlement.com.**

**Pakitandaan na ang mga benepisyo sa Kasunduan ay ipapamahagi lamang kapag nagkabisa na ang Kasunduan.**

## Ang Inyong Impormasyon

*Gagamitin namin ang impormasyong ito upang matawagan kayo at maproseso ang inyong kahilingan para sa Pinahabang Panahon ng Mga Claim. Hindi ito gagamitin para sa anumang iba pang layunin. Kung magbabago ang alinman sa mga sumusunod na impormasyon, kailangan ninyo itong ipagbigay-alam agad sa amin sa pamamagitan ng pag-email sa info@EquifaxBreachSettlement.com.*

| | | | |
|---|---|---|---|
| **1. BILANG NG KAHILINGAN PARA SA INISYAL NA PANAHON NG MGA CLAIM (KUNG MAYROON)** | | | |
| **2. PANGALAN (KINAKAILANGAN):** | Pangalan | Gitnang Inisyal | Apelyido |
| **3. ALTERNATIBONG (MGA) PANGALAN (KUNG MAYROON):** | | | |
| **4. MAILING ADDRESS (KINAKAILANGAN):** | Address ng Kalye | | |
| | Num. ng Apt. | | |
| | Lungsod | | |
| | Estado | | |
| | Zip | | |
| **5. NUMERO NG TELEPONO:** | | | |
| **6. EMAIL ADDRESS:** | | | |
| **7. TAON NG KAPANGANAKAN (KINAKAILANGAN)** | | | |

## Kabayarang Cash: Ginugol na Oras

Kung gumugol kayo ng oras upang makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan na dulot ng data breach na hindi nauugnay sa pag-freeze o pag-unfreeze ng mga ulat sa credit o pagbili ng mga serbisyong pansubaybay sa credit, at nangyari ang oras na iyon **sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024**, pakisagutan ang tsart sa ibaba. Maaari kayong bayaran ng hanggang sa $25 bawat oras nang hanggang sa 20 oras. ***Maaaring bumaba ang bayad sa inyo, depende sa bilang at halaga ng mga inihaing kahilingan.***

Kung kayo ay humihiling ng **10 oras o mas mababa**, **kailangan** ninyong ilarawan ang mga pagkilos na ginawa ninyo bilang pagtugon sa data breach at ang oras na ginugol para sa bawat pagkilos.

Kung kayo ay humihiling ng **mahigit sa kabuuang 10 oras**, **kailangan** ninyong ilarawan ang mga pagkilos na inyong ginawa bilang pagtugon sa data breach at magsama ng mga pansuportang dokumento na nagpapakita ng panloloko, pagnanakaw ng pagkakakilanlan, o iba pang maling paggamit sa inyong personal na impormasyon.

*Sa pamamagitan ng pagsagot sa mga kahon sa ibaba, pinapatunayan ninyo na ang ginugol ninyong oras ay walang kaugnayan sa iba pang data breach. Pinapatunayan din ninyong hindi pa kayo tumatanggap ng balik-bayad para sa hinihiling na kawalan sa pamamagitan ng ibang paraan.*

| **Paliwanag sa Ginugol na Oras**<br>(Tukuyin kung ano ang inyong ginawa at bakit) | **Tinatayang (mga) Petsa** | **Bilang ng Oras at Minuto** | **Pansuportang Dokumentasyon? (O/H)** |
|---|---|---|---|
| ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | | | |
| ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | | | |
| ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | | | |

## Kabayarang Cash: Perang Nawala o Nagastos Ninyo

Kung kayo ay nawalan o gumastos ng pera upang makaiwas o makabawi mula sa panloloko o pagnanakaw ng pagkakakilanlan na dulot ng Equifax data breach, **sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024**, at hindi pa naibabalik ang perang iyon, maaari kayong makatanggap ng balik-bayad na hanggang $20,000 sa kabuuan.

Mahalagang magpadala kayo ng mga dokumentong nagpapakita kung ano ang nangyari at kung magkano ang nawala o nagastos ninyong pera upang maibalik ito. Kung ang mga ito ay pareho sa mga dokumentong isinama ninyo sa seksyon sa itaas, hindi na ninyo kailangang magpadala ulit.

Upang makakita ng higit pang detalye tungkol sa kung paano ginagawa ang mga kabayarang cash sa panahon ng Pinahabang Panahon ng Mga Claim, bisitahin ang **www.EquifaxBreachSettlement.com** o tumawag nang toll-free sa 1-833-759-2982. Makikita ninyo ang higit pang impormasyon tungkol sa mga uri ng gastos at nawala na maaaring ibalik sa inyo sa panahon ng Pinahabang Panahon ng Mga Claim, kung anong mga dokumento ang kinakailangan ninyong isama, at kung paano nagpapasya ang Administrador ng Kasunduan upang maaprubahan ang inyong kabayaran.

| **Uri ng Nawala at Mga Halimbawa ng Dokumento** | **Halaga at Petsa** | **Paglalarawan sa Nawala o Ginastos na Pera at Mga Pansuportang Dokumento**<br>(Tukuyin kung ano ang inyong isinasma, at kung bakit ito nauugnay sa Equifax breach) |
|---|---|---|
| Mga gastos, bayarin, at nawala dahil sa pagnanakaw ng pagkakakilanlan, panloloko, o maling paggamit sa inyong personal na impormasyong natamo sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024.<br><br>*<u>Mga Halimbawa</u>:* Account statement na nagpapakita ng mga walang pahintulot na pagsingil; mga ulat ng pulis; mga dokumento ng IRS; Mga Ulat ng FTC sa Pagnanakaw sa Pagkakakilanlan; mga sulat na tumatanggi sa pagbabalik ng bayad sa mga mapanlinlang na pagsingil. | $<br><br>Petsa: | ______________________________ |
| Mga bayarin sa propesyunal para matugunan ang pagnanakaw ng pagkakakilanlan na natamo sa pagitan ng Enero 23, 2020 at Enero 22, 2024.<br><br>*<u>Mga Halimbawa</u>:* Mga resibo, pagsingil, at invoice mula sa mga accountant, abogado, o iba pa. | $<br><br>Petsa: | ______________________________ |

| | | |
|---|---|---|
| Iba pang gastos gaya ng pagpapanotaryo, fax, postage, pagpapakopya, biyahe, at mga singil sa long-distance na tawag na nauugnay sa data breach na natamo sa pagitan ng Enero, 23, 2020 at Enero 22, 2024.<br><br>*Mga Halimbawa:* Mga singil sa telepono, resibo, detalyadong listahan ng mga lugar na inyong pinuntahan (ibig sabihin, istasyon ng pulis, tanggapan ng IRS), dahilan kung bakit kayo nagpunta doon (ibig sabihin, ulat ng pulis o sulat mula sa IRS tungkol sa: pekeng pagbalik-buwis) at layo ng inyong biyahe | $<br><br>Petsa: | ____________________ |

## Paano Ninyo Gustong Matanggap ang Inyong Kabayarang Cash

Kung kayo ay humiling para sa kabayarang cash sa form ng kahilingang ito, maaari kayong pumili kung paano ninyo tatanggapin ang inyong kabayaran, kung sa pamamagitan ng tseke o pre-paid card na ipapadala sa inyong mailing address.

Kailangang mapapalitan ng cash ang mga tseke sa loob ng 90 araw. Kung pipiliin ninyo ang pre-paid card, hindi ito kailanman mag-e-expire.

Alin ang mas gusto ninyo?

☐ Tseke

☐ Pre-Paid Card

## Lagda

Pinagtitibay ko sa ilalim ng mga batas ng Estados Unidos na ang impormasyong aking ibinigay sa form ng kahilingang ito at ang anumang kopya ng mga dokumento na ipinapadala ko upang suportahan ang aking kahilingan ay tunay at tama sa abot ng aking kaalaman at wala pa akong natatanggap na balik-bayad para sa hinihiling na pagkawala sa pamamagitan ng ibang paraan.

Nauunawaan ko na maaari akong hingan ng higit pang impormasyon ng Administrador ng Kasunduan bago makumpleto ang aking kahilingan.

| | |
|---|---|
| **Lagda:** | **Petsa:** |
| **Isulat ang Pangalan:** | |